# Pagtukoy ng Pagkakatulad at Pagkakaiba

Basahin ang talata.

Si Mara at Clara ay dalawang mag-aaral sa Sunrise School at sila rin ay magkaibigan. Parehas silang nakatira sa Clark at sabay rin umuuwi.  Mahilig silang pumunta sa *playground* at maglaro doon pagkatapos ng klase. Kahit marami silang pagkakapareha, meron din silang pagkakaiba.

Si Mara ay napakasipag mag-aral. At dahil dito, siya ang *top one* sa klase. Sumasali din siya sa mga *quiz bee* at nanalo. Pagkauwi niya, agad niyang ginagawa ang kanyang mga takdang aralin. Tumutulong din siya sa kanyang mga magulang sa mga gawaing bahay.

Si Clara ay isang magaling na mang-aawit sa kanilang eskwelahan. Siya ay nanalo sa mga *singing contest*. Sa simbahan naman ay sumali rin sa choir. Siya rin ay tumutulong sa kanyang magulang sa mga gawaing bahay.

Ang dalawang batang ito ay tunay na mabubuting bata sa kanilang iba't ibang paraan.

Drag and drop: Kunin ang mga katangian at ilagay ito sa Venn Diagram.

| | | | |
|---|---|---|---|
| nag-aaral sa Sunrise School | isang mang-aawit | sumasali sa quiz bee | nakatira sa Clark |
| top one sa klase | masipag na mag-aaral | tumutulong sa gawaing bahay | sumali sa choir |

pumupunta sa playground

